

Ang mga Shi'ah Imam ba'y Nagsagawa ng *Tarawih*?

Tinanong ang Imam al-Baqir ('a) at Imam al-Sadiq ('a) hinggil sa pagpapahintulot sa sama-samang pagsasagawa ng opsyonal na mga dasal tuwing gabi ng Ramadan. Kapwa silang nagsalaysay ng isang tradisyon ng Propeta (s) na nagsabi:

- “**Sa katotohanan, ang pagsasagawa ng *nafila* (ipinapayong mga dasal) nang sama-sama sa mga gabi ng Ramadan ay isang **KABAGUHAN**...** O mga tao! Huwag ninyong isagawa nang sama-sama ang mga dasal na *nafila* ng Ramadan... Sa katiyakan, ang pagsagawa ng isang maliit na gawaing pananampalataya na naaayon sa *sunnah* ay may mabuti kaysa pagsagawa ng isang malaking gawaing pananampalataya na isang kabaguhan.”
[al-Hurr al-'Amili, *Wasa'il al-Shi'ah*, tomo 8, p. 45]

Ang pananaw na ito ng mga Imam mula sa pamilya ng Propeta ay pinatunayan ng isang pantas na kilala sa pagitan ng Ahl al-Sunnah na sumulat ng ganito:

- “Ang kaapu-apuhan ng Propeta (s) ay nagsasabi na ang kongregasyon sa *Tarawih* ay isang **KABAGUHAN**.”
[al-Shawkani, *Nayl al-Awtar*, tomo 3, p. 50]

Ano ang pananaw ng mga pantas na Sunni hinggil sa pagsagawa ng dasal na *Tarawih* sa bahay?

- “Ang mga pantas ay nagkakaisa hinggil sa katangian nito, subalit sila'y nagkakaiba kung alin ang mas mabuti, ang isa-isang pagsasagawa nito sa tahanan o nang sama-sama sa meskita.” At si Al-Nawawi, ang bantog na komentarista ng *Sahih Muslim*, ay nagtala ng mga pantas na nagtataguyod sa ikalawa at pangunahing pananaw. Pagkatapos, kanyang isinulat: “Si Malik, Abu Yusuf, ilang mga pantas na Shafi'i, at mga iba ay nagsasabi na mas mabuting isagawa ito nang isa-isa sa tahanan”.
[al-Nawawi, *Sharh Sahih Muslim*, tomo 6, p. 286]

Konklusyon

Ang mga Shi'ah ay laging naghahangad na maisagawa ang panggabing dasal – na tinatawag na *Tahajjud* o *Qiyam al-Layl* o *Salat al-Layl* – sa huling bahagi ng gabi ng bawat buwan, lalung-lalo na tuwing Ramadan. Hinihikayat din silang isagawa ang mga karagdagang dasal na *nawafil* tuwing gabi ng Ramadan. Subalit, kadalasang isinasagawa nila ang opsyonal na mga dasal na ito sa kanilang mga tahanan at hindang-hindi nang sama-sama. Sa ganitong pagsasagawa, nakakasang-ayon sila sa Qur'an at sa *sunnah* ng Propeta Muhammad (s).

Para sa karagdagang kaalaman hinggil sa autentikong Islam, dumalaw sa:

<http://al-islam.org/faq/>

v1.0

At sa isang bahagi ng gabi, isagawa ang gabing dasal (Tahajjud) na higit pa sa yaong ipinag-utos sa iyo; marahil itataas ka ng iyong Panginoon sa isang katayuan ng dakilang karangalan. (Qur'an 17:79)

Hinggil sa buwan ng Ramadan, sinabi ng Propeta Muhammad (s):
“Sinumang magsagawa ng panggabing pagdarasal (*Qiyam al-Layl*) sa buwang ito nang taimtim at umaasa ng gantimpala mula sa Allah, ang lahat ng kanyang naunang mga kasalanan ay patatawarin.”
[*Sahih al-Bukhari*, tomo 3, aklat 32, bilang 226]

Bakit iniwasan ng mga Shi'ah ang mga kongregasyong *Tarawih*?

Karaniwang inaakala ng Ahl al-Sunnah na isang *sunnah* ang pagsasagawa ng partikular na panggabing mga dasal – ang *Tarawih* – nang sama-sama sa banal na buwan ng Ramadan. Bagama't pinupuri dahilan sa pagsagawa ng katulad na *nawafil* (mga dasal na ipinapayong isagawa), ang mga Shi'ah ay hindi pinapahintulutang isagawa ang mga ito nang sama-sama. Ang gawing ito ay sang-ayon sa mga kautusan at *sunnah* ng Propeta (s).

Ang mga kapatid natin sa Ahl al-Sunnah ay sama-samang nagsasagawa ng *Tarawih* sa mga gabi ng buwan ng Ramadan. Sila ay nagdarasal at nagbabasa ng Qur'an, at gantimpalaan nawa sila ng Allah (*swt*) dahilan sa kanilang mga matapat na hangad at gawi. Subalit, **ang salitang *Tarawih* ay hinding-hindi nabanggit sa Qur'an o ng Propeta (s) na naglalarawan sa mga karagdagang pangkongregasyong dasal na ito tuwing gabi sa buwan ng Ramadan.** Ito ay isang katagang panibagong nilikha sa pagitan ng mga Muslim. Ayon sa lingguwistika, ang salitang "*Tarawih*" ay ang pangmarami ng salitang '*tarwiha*' na tumutukoy sa maikling panahon ng pagpahinga sa pagitan ng bawat apat na yunit (*rak'ah*) ng pagdarasal. Paglipas ng panahon, ang buong mga pangkongregasyong dasal sa gabi ng Ramadan ay tinawag sa katagang ito.

Mga Pinangmumulan ng *Tarawih* bilang isang Pangkongregasyong Dasal

Malawakang alam na ang *Tarawih*, bilang isang pangkongregasyong dasal sa gabi ng Ramadan, ay nagmumula sa isang kautusan ng ikalawang kalipa, 'Umar ibn al-Khattab.

□ Isinalaysay ni Abu Hurayra: Sinabi ng Apostoles ng Allah, "Sinumang magsagawa ng panggabing pagdarasal (*Qiyam al-Layl*) sa buwang ito nang taimtim at umaasa ng gantimpala mula sa Allah, ang lahat ng kanyang naunang mga kasalanan ay patatawarin." Sinabi ni Ibn Shihab (isa sa mga nagsalaysay), "Nang yumaon ang Apostoles ng Allah, patuloy isinasagawa ng mga tao ito (***Nawafil na isa-isang ginagawa, hindi sama-sama***), at nanatiling ganito sa panahon ni Kalipa Abu Bakr at sa unang bahagi ng pamumuno ni Kalipa 'Umar." Sinabi ni 'Abdur-Rahman ibn 'Abdul-Qari, "Isang gabi sa Ramadan lumabas akong kasama si 'Umar ibn al-Khattab at napuna naming nagdarasal ang mga taong may iba't-ibang grupo sa meskita – may nag-iisang nagdarasal o nagdarasal na may maliit na grupo sa kanyang likuran. Pagkatapos, sinabi ni 'Umar, '**Sa aking opinyon** mas minabuti kong ipunin sila (mga tao) sa pamumuno ng isang *Qari* (taga-basa ng Qur'an) [atasan kong magdasal sila nang sama-sama!]." Kaya pinagpasyahan niyang pagsamasamahin sila sa pamumuno ni Ubayy ibn Ka'b. Sa sumunod na gabi, pumunta rin akong kasama siya at ang mga tao ay nagdarasal sa pamumuno ng kanilang taga-basa. Dahil dito, **sinabi ni 'Umar, 'Napakagandang *BID'AH* (*KABAGUHAN* sa relihiyon) ito;** subalit ang dasal na hindi nila isinasagawa dahil sila ay natutulog sa takdang panahon nito ay mas mabuti kaysa sa dasal na kanilang sinasagawa.' Ang kanyang tinutukoy ay ang dasal sa huling bahagi ng gabi." [*Sahih al-Bukhari*, tomo 3, aklat 32, bilang 227]

□ "Ito'y tinatawag na ***BID'AH*** dahil hindi ito isinagawa ng Propeta (s) nang sama-sama, at ng al-Siddiq (tumutukoy sa unang Kalipa) sa kanyang panahon, at hindi rin ito isinasagawa sa unang bahagi ng gabi o nang ganitong bilang ng mga yunit (*rak'ah*)."

[al-Qastallani, *Irshad al-Sari Sharh Sahih al-Bukhari*, tomo 5, p. 4]

[al-Nawawi, *Sharh Sahih Muslim*, tomo 6, p. 287]

□ "Si 'Umar ang unang nagbigay halimbawa ng panggabing dasal sa Ramadan, ang *Tarawih*, at umipon ng mga tao para dito, at nag-utos sa iba't ibang rehiyon hinggil dito. Ito'y isinagawa sa buwan ng Ramadan sa ika-14 ng taong *hijri*. Humirang siya ng mga taga-basa ng Qur'an na mamuno sa mga pagdarasal na *Tarawih* para sa mga kalalakihan at kababaihan."

[Ibn Sa'd, *Kitab al-Tabaqat*, tomo 3, p. 281]

[al-Suyuti, *Tarikh al-Khulafa'*, p. 137]

[al-'Ayni, '*Umdat al-Qari fi Sharh Sahih al-Bukhari*, tomo 6, p. 125]

Sama-samang Pagdarasal sa Meskita o Isa-isahan sa Tahanan?

Ang isa-isahang pagsasagawa ng opsyonal na mga dasal sa loob ng tahanan at malayo sa kongregasyon sa meskita ay matinding ipinapayo ng Propeta (s) dahilan sa ito'y magdudulot ng karagdagang mga biyaya para sa tahanan at pamilya, at makatulong sa pagpapalaking Islamiko ng mga bata.

□ Sinabi ng Propeta (s): "O mga tao! Isagawa ninyo ang inyong mga dasal sa inyong mga tahanan, dahilan sa ang **pinakamabuting dasal ng isang tao ay ang kanyang isinasagawa sa kanyang tahanan, maliban sa mga kompulsoryong (sama-samang) pagdarasal.**"

[*Sahih al-Bukhari*, tomo 9, aklat 92, bilang 393]

[al-Nasa'i, *Sunan*, tomo 3, pp. 161, 198]

□ Minsan, tinanong ni 'Abdullah ibn Mas'ud ang Propeta (s): "Alin ang mas mabuti sa bahay ako magdasal o sa meskita?" Sinagot ng Propeta (s): "Hindi mo ba nakikita kung gaano kalapit ang aking bahay sa meskita? **Ang pagdasal sa bahay ay mas ginusto ko pa kaysa pagdasal sa meskita maliban sa obligatoryong mga dasal.**"

[Ibn Majah, *Sunan*, tomo 1, p. 439, bilang 1378]

□ Isinalasay ni Zayd bin Thabit: Ang Apostoles ng Allah (s) ay gumawa ng isang maliit na kuwarto (na may banig na gawa sa dahon ng palma). Lumabas siya (s) (mula sa kanyang bahay) at nagdasal dito. Dumating ang ilang mga tao at sumama sa kanyang pagdarasal. Sa sumunod na gabi sila ay dumating para sa pagdarasal subalit hindi lumabas ang Propeta (s). Kaya, sila ay nagsalita at kumatok sa pintuan sa pamamagitan ng maliliit na mga bato (upang matawag ang kanyang pansin). **Lumabas siya (s) nang galit,** at kanyang sinabi, "Nagpupumilit pa rin kayo (sa inyong gawi) kaya nangangamba ako na ang pagdarasal na ito ay magiging obligatoryo para sa inyo. Kaya, **O kayong mga tao! Isagawa ang dasal na ito sa inyong mga tahanan, sapagka't ang pinakamabuting dasal ng tao ay ang kanyang isinasagawa sa tahanan, maliban lang sa kompulsoryong (sama-samang) pagdarasal.**"

[*Sahih al-Bukhari*, tomo 8, aklat 73, bilang 134]